Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

# Ika-71 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng：Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Septyembre 1, 2021
（Wikang Hapon）http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
*（Wikang Hapon na madaling maintindihan）http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html*

## Recruitment para sa Ika-14 Termino ng Kinatawan ng Dayuhan

Ang Pagpupulong ng Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki ay isang pagpupulong na itinatag ng ordinansa ng Lungsod ng Kawasaki nang taong 1996. Pinag-uusapan dito at sinisiyasat ang piniling paksa na may kaugnayan sa mga alalahanin o nararanasang problema ng mga dayuhang mamamayan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay, at ang napag-usapan sa pulong ay imumungkahi sa alkalde ng lungsod.

- Termino: mula Abril 1, 2022 hanggang Marso 31, 2024 (2 taon)
- Bilang ng posisyon: 26 katao
- Tungkulin: Ang pulong ay gaganapin 8-9 beses sa isang taon, tuwing Linggo ng hapon. Maliban dito, magsasagawa din ng fieldwork at pagsali sa mga kaganapan tulad ng Piesta ng lungsod.
- Paraan ng pag-apply: Mangyaring ipadala sa koreo ang application form bago mag Nobyembre 16, 2021 (Martes). (kailangan ang tatak ng koreo ay hanggang sa araw na ito.)
- Kwalipikasyon: Dapat naangkop sa lahat ng nakasulat sa (1) (2) (3).

(1) Walang hawak na nasyonalidad na Hapon.

(2) Ang edad ay 18 pataas mula Abril 1, 2022.

(3) Nakarehistro bilang residente ng Kawasaki nang mahigit na sa isang taon sa Abril 1, 2022.

※ Mula Setyembre, ang application form ay maaaring matagpuan sa mga Munisipyo, Civic center, Library, Kawasaki International Center, atbp.

※ Maaari ding i-download mula sa homepage ng Kawasaki.



**【Para sa katanungan】**

Kawasaki City Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Multicultural Promotion Section, Foreign Citizens' Affairs Department
TEL: 044-200-2846　FAX: 044-200-3707　E-mail: 25gaikok@city.kawasaki.jp

# Pag-uulat sa Alkalde at Konseho ng lungsod ukol sa Aktibidad ng taong 2020




Ang 4 na kinatawan ng Ika-13 termino ng Kinatawan ng mga dayuhang naninirahan sa lungsod ng Kawasaki na sina Lahiru Sanketha Perera (Tagapangulo), Liang Zhang (Ikalawang tagapangulo), Kiyomi Maeda (Pinuno ng Komite ng Internasyonal na Komunidad), at Nontticha Kodama (Pinuno ng Komite para sa Ligtas na Pamumuhay) ay nagsumite ng ulat ukol sa mga aktibidad ng taong 2020 kay Alkalde Norihiko Fukuda nuong Abril 23 (biyernes).

Iniulat sa Alkalde ang mga tinalakay na tema, mga opinyong naipahayag sa pulong at mga ginawang aktibidad ayon sa tema ng mga Kinatawan para sa taong 2020.

Ang mga sumusunod ay mga pahayag ni Alkalde Fukuda, "Alam ko na may mga sitwasyon na kung saan mahirap ganapin ang pagpupulong dahil sa mga epekto ng coronavirus, ngunit sa palagay ko ay may katuturan na kahit na sa ilalim ng ganitong sitwasyon ay ginawaan ng paraan na maisakatupad ang mga pagsisiyasat.", "Sa ulat ng Komite ng Internasyonal na Komunidad 「Mayroong halos 50% ng mga tao na hindi kalahok sa mga aktibidad ng pamayanan ngunit nais na lumahok」 ay nagpapahayag ng isang maiging potensyalidad at ito ay nakasisiglang kwento. Sa palagay ko, sa pagsusumikap na hikayatin ang mga Kinatawan na lumahok sa mga kaganapan, atbp., maari itong bumuo ng isang koneksiyon sa mga pamayanan, at ito rin ay makakakapagpalawak ng ugnayan ng bawat komunidad.", "Sa palagay ko ang isang bayan na maginhawang tirhan ng mga dayuhan ay, isang bayan na madaling tirhan ng lahat, na pinipili ng parehong mga Hapon at dayuhan, at ito ay isang mahalagang saligan ng isang bayan na maiging tirahan."

Bilang karagdagan, noong Mayo 27 (Huwebes), inimbitahan ng Komite ng Edukasyon sina Lahiru Sanketha Perera (Tagapangulo) at Liang Zhang (Ikalawang tagapangulo) sa Konseho ng lungsod upang mag-ulat tungkol sa mga aktibidad ng taong 2020.



# Nais mo bang makinig sa Pagpupulong?

**——Iskedyul ng meeting para sa 2021——**

Lugar: Kawasaki International Center (10 minutong lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras: mula alas-2 ng hapon hanggang alas-5 ng hapon.

| | | |
|---|---|---|
| Ika-2 meeting | Ikalawang Araw | Setyembre 12, 2021 (Linggo) |
| Ika-3 meeting | Unang Araw | Oktubre 17, 2021 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Disyembre 5, 2021 (Linggo) |
| Ika-4 meeting | Unang Araw | Enero 16, 2022 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Pebrero 6, 2022 (Linggo) |

＊＊＊＊＊＊＊
Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

# ≪Ulat mula sa mga Komite≫

◆ Komite ng Internasyonal na Komunidad

Sa Komite ng Internasyonal na Komunidad, si G. Kazuhisa Honda ng Tokai University ay bumisita sa pulong na ginanap nuong Mayo at siya ay nagbigay ng payo sa mga paksang tinatalakay ng komite. Pagkatapos, sa sumunod na pulong na ginanap nuong Hunyo, pinakitid ng mga kandidato ang nilalaman ng mga panukala. Ang mga panukala ay: (1) "Multicultural Lounge" (pansamantala) muling ipapanukala (FY2015), at (2) Multilingual AI chatbots.

Pinuno ng Komite ng Internasyonal na Komunidad, Kiyomi Maeda

◆ Komite para sa Ligtas na Pamumuhay

Sa Komite para sa Ligtas na Pamumuhay, si Natsuko Minamino ng Toyo University ay bumisita sa pulong na ginanap nuong Mayo at siya ay nagbigay ng payo sa mga paksang tinatalakay ng komite. Pagkatapos, sa sumunod na pulong na ginanap nuong Hunyo, pinakitid ng mga kandidato ang nilalaman ng mga panukala. Ang mga panukala ay: (1) muling ipapanukala ang Oryentasyon (FY2017) at (2) paglikha ng mga Multilingual tools.

Pinuno ng Komite para sa Ligtas na Pamumuhay, Nontticha Kodama

## 《Renewal ng Konsultasyong pang-Dayuhan (One-stop center)》

Nag-renewal ang tanggapan ng Konsultasyong pang-dayuhan (One-stop center) na matatagpuan sa Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki.

**Mula Abril 1, 2021, Pinahaba ang oras ng pagtanggap ng konsultasyon.**

**Mula Hulyo 1, 2021, Sinimulan na ang pagtanggap ng online na konsultasyon sa pamamagitan ng Zoom.**

Para sa online na konsultasyon (application form)
https://www.kian.or.jp/kic/onestop/frm-zoom21.shtml

【Oras】9:00-17:00（maliban sa Disyembre 29 hanggang Enero 3）
【Telepono】044-455-8811
【E-mail】soudan39@kian.or.jp
【Lugar】Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki (2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki City) mga 10-12 minutong lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi ng Tokyu Toyoko line at Meguro line.
【Halaga】0 yen（walang bayad）
【HP】http://www.kian.or.jp



# Iba't ibang uri ng Paalagaan ng bata
# "Nursery" "Kindergarten" at "Certified childcare center"

Sa Japan, mayroong tatlong uri ng sistema ng Paalagaan ng bata: (1) Nursery school (*Hoikuen*), (2) Kindergarten (*Youchien*), at (3) Certified childcare center (*Nintei Kodomoen*) upang alagaan ang mga bata mula 0 taong gulang hanggang bago pumasok sa elementarya. Ang pag-aplay sa mga ito ay napaka-kumplikado. Una, magpunta sa munisipyo o sa Sentro ng Kalusugan at Kapakanan para sa konsultasyon (may mga multilingual na materyales sa tanggapan). Ang aplikasyon para sa Nursery school (*Hoikuen*) para sa pagpasok sa Abril ay magsisimula sa Oktubre.

【Edad ng bata：0-2 taon】

| | | |
|---|---|---|
| Nalalapat ang kadahilanan sa pangangailangan ng mag-aalaga sa bata | → | 【antas 3】：Nursery school (*Hoikuen*), Certified childcare center (*Nintei kodomoen*) |
| Hindi nalalapat ang dahilan sa pangangailangan ng mag-aalaga sa bata | → | Maaring magamit ang Pansamantalang serbisyo ng paalagaan. |

【Edad ng bata：3taon～hanggang bago pumasok sa elementarya】

| | | |
|---|---|---|
| Nalalapat ang kadahilanan sa pangangailangan ng mag-aalaga sa bata | → | 【antas 2】：Nursery school (*Hoikuen*), Certified childcare center (*Nintei kodomoen*) |
| Hindi nalalapat ang dahilan sa pangangailangan ng mag-aalaga sa bata | → | 【anats 1】：Certified childcare center (*Nintei kodomoen*)、Kindergarten (*Youchien*) |

| | ① Nursery (*Hoikuen*) | ② Kindergarten (*Youchien*) | ③ Certified childcare center (*Nintei kodomoen*) |
|---|---|---|---|
| National Jurisdiction | Ministry of Health, Labour and Welfare | Ministry of Education | Cabinet Office |
| Edad ng bata | 0 taon～hanggang bago pumasok sa elementarya | 3 taon～hanggang bago pumasok sa elementarya | 0 taon～hanggang bago pumasok sa elementarya |
| Tinantyang oras sa pangangalaga | 11 oras／8 oras | 4 oras | 【antas 1】<br>4 oras<br>【antas 2】 at 【antas 3】<br>11 oras／8 oras |
| Tanggapan ng Aplikasyon | ＜Certified childcare center (Nintei kodomoen)＞<br>Munisipyo／Sentro ng Kalusugan at Kapakanan<br>＜Non-certified childcare center＞<br>Sa bawat pasilidad | Sa bawat Kindergarten (*Youchien*) | 【antas 1】<br>Sa bawat pasilidad<br>【antas 2】 at 【antas 3】<br>Munisipyo／Sentro ng Kalusugan at Kapakanan |

Ailing Liu

**【Para sa katanungan】**

Citizens' and Cultural Affair Division at Multicultural Promotion Section ng siyudad ng Kawasaki
Kawasaki Frontier Bldg., 9F 11-2 Ekimae Honcho, Kawasaki ku, Kawasaki city 〒210-0007
Tel : 044-200-2846 Fax : 044-200-3707 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa 70% pulp na lumang papel.

古紙パルプ配合率70%再生紙を使用